Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

Mayo 20, 2021

DepEd-Benguet Division
MAY 21 2021
RELEASED

Memorandum Pansangay
Blg. 185 s.2021

Sa mga: Pandistritong Tagamasid
Punong-guro / Ulong-guro
Pandistritong Tagapag-ugnay ng Filipino (Elementarya at Sekondarya)
Mga guro ng Filipino sa Elementarya at Sekondarya

**TERTULYANG PAMPANITIKAN 2021: PAGSALIKSIK, PAGSULAT AT PAGBIGKAS NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN**

1. Nakasaad sa Artikulo XIV, Seksiyon 15 ng Saligang Batas na dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan at nararapat na pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at ang mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa.

2. Bilang pagtalima sa probisyong ito ng Saligang Batas, gaganapin ang Tertulyang Pampanitikan 2021 upang makamit ang mga sumusunod na layunin:
a. malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsaliksik, pagsulat at pagbigkas ng mga akdang pampanitikan;
b. mapahalagahan ang mga katutubong panitikan ng Benguet gaya ng mga karunungang bayan, pabula, alamat at kuwentong bayan sa pamamagitan ng pagsaliksik at pagtangkilik sa mga ito; at
c. matipon ang nasaliksik na mga katutubong panitikan at mga likhang akda ng mga mag-aaral upang magamit bilang mga materyal sa pagtuturo.

3. Kalahok sa mga paligsahan ang mga mag-aaral mula sa Baitang 1 hanggang Baitang 12 mula sa mga paaralang pampubliko at mga piling kinatawan mula sa mga paaralang pribado sa 14 na distrito ng Benguet.

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Facebook Page: DepEd Tayo Benguet

IYAMAN
Integrity Yields Accomplishments Nobles Advancement Nurtures Excellence
ISO 9001:2015 IAS ACCREDITED Management Systems Certification Body MSCB-158

4. Magaganap ang pagpili ng mga magwawagi sa pandistritong paligsahan sa Hunyo 25 na pangungunahan ng mga pandistritong tagamasid at mga tagapag-ugnay ng Filipino habang sa Hunyo 30 naman ang pagpili ng mga magwawagi sa pandisbisyong paligsahan.

5. Ipapadala sa Pansangay na Tagamasid ng Filipino ang mga lahok ng bawat distrito. Nakalagay sa magkahiwalay na flash drives ang mga lahok ng elementarya at sekondarya.

6. Mabibigyan ng Sertipiko ng Paglahok ang mga kalahok sa pandistritong paligsahan at Sertipiko ng Pagkilala para sa mga magwawagi. Ganito rin ang mangyayari sa mga kalahok at mga magwawagi sa pandibisyong paligsahan.

7. Kalakip nito ang nakabalangkas na mga gawain, pamamaraan, mga ipapasa, at mga pamantayan. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0968-269-6391 o sa email address na norbert.lartec@deped.gov.ph

8. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**GLORIA B. BUYA-AO**
*Tagapamanihala*

Kalakip: Gaya ng nabanggit

CID/kg/ncl

| TERTULYANG PAMPANITIKAN 2021 | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **GAWAIN** | **BAITANG** | **MGA TAONG KASANGKOT** | **PAMAMARAAN** | **MGA IPAPASA** | **PAMANTAYAN** |
| Pagsaliksik at Pagbigkas ng mga Bugtong | Baitang 1-3 | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa Baitang 1-3 | 1. Bawat paaralan ay magsasagawa ng paligsahan sa Baitang 1-3.<br>2. Iba-ibang set ang mga magwawagi para sa Baitang 1, 2 at 3.<br>3. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang siyang kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>4. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>5. Humingi ng pahintulot sa mga lider ng IP sa komunidad para sa paggamit at pagsumite ng mga bugtong sa lugar.<br>6. Dapat na orihinal at hindi naisalin mula sa ibang wika ang mga bugtong.<br>7. Magkaroon ng maikling intro (30 segundo) tungkol sa bugtong.<br>8. Hindi babanggitin sa intro ang pangalan ng kalahok, paaralan at distrito.<br>9. Mababasa sa video ang mga orihinal na bugtong at salin ng mga ito sa Filipino habang binibigkas.<br>10. Hindi lalampas sa tatlong minuto ang haba ng lahok.<br>11. Gagamitin ang mother tongue sa kabuoan ng video. | *Video ng mga mag-aaral na bumibigkas ng mga bugtong:<br>Baitang 1 – tatlong bugtong<br>Baitang 2 – apat na bugtong<br>Baitang 3 – limang bugtong | 1. Orihinalidad (hindi naisalin mula sa ibang wika) = 40%<br>2. Kalinawan at kasiningan ng presentasyon (malinaw at masining na intro tungkol sa bugtong, malinaw at masining na pagbigkas, mahusay na aspektong teknikal, angkop na kasuotan) = 40%<br>3. Husay ng pagkakasalin sa Filipino (katapatan sa mensahe at estilo) = 15%<br>4. Pagsunod sa ortograpiya sa pagsulat ng orihinal at salin = 5% |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsaliksik, Pagsasalin at Masining na Pagsasalaysay ng Pabula, Alamat, at Kuwentong Bayan | Baitang 4–6 | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa Baitang 4-6 | 1. Bawat paaralan ay magsasagawa ng paligsahan para sa Baitang 4-6.<br>2. Iba-ibang set ang mga magwawagi sa Baitang 4, 5 at 6.<br>3. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang siyang kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>4. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>5. Humingi ng pahintulot sa mga lider ng IP sa komunidad para sa paggamit at pagsumite ng mga pabula, alamat at kuwentong bayan sa lugar.<br>6. Dapat na orihinal at hindi naisalin mula sa ibang wika ang mga pabula, alamat at kuwentong bayan.<br>7. Magkaroon ng maikling intro (30 segundo) tungkol sa akda.<br>8. Gagamitin ang salin sa Filipino sa masining na pagsasalaysay.<br>9. Hindi babanggitin sa intro ang pangalan ng kalahok, paaralan at distrito.<br>10. Hindi lalampas sa limang minuto ang haba ng lahok.<br>11. Ipapasa ang soft copy ng naka-encode na sipi ng orihinal at salin nito sa Filipino. | * Video ng masining na pagsasalaysay:<br>Baitang 4 – pabula<br>Baitang 5 – alamat<br>Baitang 6 – kuwentong bayan<br><br>* Soft copy ng naka-encode na sipi ng orihinal at salin nito sa Filipino | 1. Orihinalidad (hindi naisalin mula sa ibang wika at hindi pa nalimbag) = 40%<br>2. Kalinawan at kasiningan ng pagsasalaysay (malinaw na intro tungkol sa kuwento, malinaw at masining na pagsasalaysay, mahusay na askpektong teknikal, angkop na kasuotan) = 40%<br>3. Kasiningan ng pagsasalin (Katapatan sa mensahe at estilo) = 20% |
| Pagsulat at Pagbigkas ng Tulang Panudyo | Baitang 7 | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa Baitang 7 | 1. Bawat paaralan ay magsasagawa ng paligsahan.<br>2. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang siyang kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>3. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Dapat na orihinal ang mga akda.<br>5. Magkaroon ng maikling intro (30 segundo) tungkol sa tulang panudyo.<br>6. Hindi babanggitin sa intro ang pangalan ng kalahok, paaralan at distrito. | * Video ng masining na pagbigkas ng tatlong orihinal na tulang panudyo<br><br>* Soft copy ng naka-encode na sipi ng mga tulang panudyo | 1. Orihinalidad (Sariling akda ng mag-aaral) – 30%<br>2. Sining ng pagsulat (May sukat at tugma, nagpapakilala ng kaugalian ng mga ninuno sa makulay na kamusmusan, binubuo ng 2 linya) – 40%<br>3. Sining ng Pagbigkas (Sapat na lakas sa pagbigkas, tamang pagbigkas ng salita, napalilitaw ang angkop na damdamin sa pagbigkas) - 30% |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 7. Tatlong tulang panudyo ang dapat na susulatin at bibigkasin ng bawat kalahok na ivi-video.<br>8. Hindi bababa sa tatlong minuto at hindi lalampas sa 5 minuto ang haba ng lahok. | | |
| Pagsulat at Pagbigkas ng Tugmang de gulong | Baitang 8 | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa Baitang 8 | 1. Bawat paaralan ay magsasagawa ng paligsahan.<br>2. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang siyang kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>3. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Dapat na orihinal ang mga akda.<br>5. Magkaroon ng maikling intro (30 segundo) tungkol sa tugmang de gulong.<br>6. Hindi babanggitin sa intro ang pangalan ng kalahok, paaralan at distrito.<br>7. Tatlong tugmang de gulong ang dapat na susulatin at bibigkasin ng bawat kalahok na ivi-video.<br>8. Hindi bababa sa tatlong minuto at hindi lalampas sa 5 minuto ang haba ng lahok. | * Video ng masining na pagbigkas ng tatlong orihinal na tugmang de gulong<br><br>* Soft copy ng naka-encode na sipi ng mga tugmang de gulong | 1. Orihinalidad (sariling akda ng mag-aaral) – 30%<br>2. Sining ng pagsulat (nauukol sa karanasan at obserbasyon sa mga pampublikong sasakyan, may tugma na alinsunod sa kasabihang Pilipino, gumagamit ng karaniwang salita) – 40%<br>3. Sining ng Pagbigkas (sapat na lakas sa pagbigkas, tamang pagbigkas ng salita, may damdaming nangingibabaw sa pagbigkas) - 30% |
| Pagsulat at Pagsasalaysay ng Dagli | Baitang 9 at 10 | EPS, PSDSs, mga pandistritong tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa Baitang 9 at 10 | 1. Bawat paaralan ay magsasagawa ng paligsahan.<br>2. Isang set lamang ang mga magwawagi para sa Baitang 9 at 10.<br>3. Ang akda ay binubuo ng 150-200 salita.<br>4. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang siyang kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>5. Ang magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>6. Dapat na orihinal ang mga piyesa.<br>7. Magkaroon ng maikling intro (30 segundo) tungkol sa dagli.<br>8. Hindi babanggitin sa intro ang pangalan ng kalahok, paaralan at distrito.<br>9. Hindi bababa sa tatlong minuto at hindi lalampas sa 5 minuto ang haba ng lahok. | * Video ng masining na pagsalaysay ng nabuong isang dagli<br><br>* Sipi ng naka-encode na dagli | 1. Orihinalidad (sariling katha ng mag-aaral) - 30%<br>2. Sining ng pagsulat (ang paksa ay pag-ibig at romantisismo, pagkamakabayan at paglaban sa emperyalismo o pag-aasam ng kalayaan, maikli lamang ngunit tinataglay nito ang elemento ng maikling kwento) - 40%<br>3. Sining ng Pagbigkas (Sapat na lakas sa pagbigkas, tamang pagbigkas ng salita, may tamang damdaming nangingibabaw sa pagbigkas) - 30% |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsulat ng Larawang Sanaysay tungkol sa Kultura ng Lugar | SHS | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa SHS | 1. Bawat paaralan na may SHS ay magsasagawa ng paligsahan.<br>2. Isang set lang ang magwawagi para sa Baitang 11 at Baitang 12.<br>3. Ang magwawagi ng unang gantimpala sa paaralan ang magiging kinatawan sa pandistristong paligsahan.<br>4. Ang magwawagi ng unang gantimpala sa distrito ang magiging kinatawan sa pandibisyong paligsahan.<br>5. Ang paksa ay tungkol sa anumang paksang may kinalaman sa kultura sa lugar.<br>6. Magkakaroon ng panimula, katawan, at wakas na hindi bababa sa limang talata at hindi lalampas sa sampung talata.<br>7. Ang sanaysay ay bunga ng saliksik (pagbabasa, pakikipanayam, atbp.) kaya dapat na banggitin ang mga sanggunian.<br>8. Naka-encode sa A4 size, may 1" na palugit sa itaas, ibaba, kanan at kaliwa, may dobleng pag-eespasyo, at gumagamit ng Times New Roman 12.<br>9. Nakasulat ang mga sanggunian na sumusunod sa estilong APA. | Soft copy (PDF) ng naka-encode na sanaysay | 1. Nilalaman (tungkol sa natatanging kultura ng lugar o bayan ng mag-aaral na may angkop na larawang nagpapakilala sa kultura ng lugar, tumpak at sapat ang mga impormasyon na bunga ng pagsaliksik) - 40%<br>2. Organisasyon (may pokus, may lohikal na paglalahad ng mga kaisipan) - 30%<br>3. Mekaniks (may mahusay na gamit ng wika, tama at lohikal ang estruktura) - 20%<br>4. Tamang pagbanggit at pagsulat ng mga sanggunian (sinusunod ang APA pormat) -10% |